7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**MgaTagabuo**

**Manunulat:**
- Glorifel V. Torres (Tanza National Comprehensive High School)

**Tagasuri:**
- Portia R. Soriano (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan:***<br>Nasusuri ang papel ng ASEAN sa usapin ng karapatang Pantao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.<br>1. Nabibigyang kahulugan ang Karapatang Pantao<br>2. Nakagagawa ng Concept Map sa pagtukoy ng Karapatang Pantao ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.<br>3. Napahahalagahan ang bahaging ginagampanan ng AICHR at AHRD upang maging aktibong mamamayan na tutugon sa mga isyu at hamon ng Lipunan sa pamamagitan ng Human Rights issue awareness campaign video. |
| **D. Nilalaman** | **Kalagayang Panatao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya**<br>1. Pagtatatag ng ASEAN Intergovernmental Commission on Human Rights (AICHR)<br>2. ASEAN Human Rights Declaration (AHRD)<br>3. Mga isyung hinaharap ng ASEAN kaugnay sa karapatang Pantao. |
| **E. Integrasyon** | Karapatan , Pananagutan , at Pagkamamamayan<br>( Rights , Responsibility , and Citizenship ) |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*AICHR*. (n.d.). AICHR. https://aichr.org/

AP 10 Modyul sa Araling Panlipunan ( Likha ng Guro?)


Asean Human Rights Declaration (Ahrd) And The Phnom Penh Statement Of The Adoption Of The Ahrd And Its Translations. (2013). https://asean.org/wp-content/uploads/images/resources/ASEAN%20Publication/2013%20(7.%20Jul)%20-%20ASEAN%20Human%20Rights%20Declaration%20(AHRD)%20and%20Its%20Translation.pdf

Asean.org. (n.d.). https://asean.org/asean-emblem/

Global Campaign for Peace Education. (2015). *Home*. Global Campaign for Peace Education. https://www.peace-ed-campaign.org/

*Ukraine: Behind the numbers*. (n.d.). OHCHR. https://www.ohchr.org/en/ohchr_homepage

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>1.Maikling Balik-aral<br>Photo – Bucket: Mga pinagsama samang larawan na may kinalaman sa nakaraang paksa<br>Hal.<br><br><br><br><br>ASEAN Logo png - Search Images (bing.com)<br><br>UN Sustainable Development Goals: Courses Available for Free! - Global Campaign for Peace Education (peace-ed-campaign.org)<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Anu–ano ang mga bansang kasapi ng ASEAN?<br>2. Bakit mahalagang malaman ng mga mag -aaral ang likas-kayang pag -unlad sa Timog Silangang Asya?<br><br>Nararapat na ipabatid sa mga mag-aaral na ang konsepto ng ASEAN ay para mapaunlad sa tulong ng likas-kayang pag-unlad (sustainable development) ang mga bansang kasapi dito.</td><td>Ito ay gagawin sa unang araw at maaring gawin na dalawan ang pagsagot.<br><br>Maari ring bawasan ang mga bilang ng larawan na sasagutin ng mga mag-aaral . Ang mga kasagutan ay maaring Filipino o Ingles. Gamiting gabay ang larawan sa pagsagot.<br><br>Gagawin sa unang araw<br><br>Mula sa nakaraang mga gawain, tatanungin ang mga mag-aaral ng mga iba't ibang pamprosesong tanong</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Gawin 1: PICTURE PUZZLE</td><td>Unang Araw<br><br>Mga Kasagutan:<br>1. Freedom<br>2. Trust<br>3. Love<br>4. Justice<br>5. Peace<br>6. Prosperity<br>7. Dignity<br>8. Equality</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Panuto: Hahatiin ng guro ang klase sa 2 pangkat. Ang 2 pangkat ay bubuuin ang Picture Puzzle. Ang picture na mabubuo ay may kinalaman sa magiging paksa sa araw na ito.<br><br><br>https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=5l6LBh9a&id=9302A5BC3924194A15A3CABF8438FBC386B98B1A&thid=OIP.5l6LB<br>Pamprosesong tanong:<br>1. Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?<br>2. Anu–ano ang mga halimbawa ng karapatang pantao sa larawan?<br>3. Ano ang kahalagahan ng pag -aaral ng karapatang pantao dito sa Pilipinas at maging sa Timog Silangang Asya?<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Word War : Bubuuin ng mga mag – aaral ang mga salita na gagamitin sa ating paksa para sa araw na ito.<br><br>T G A A A A N K R P<br><br>N A S E A<br>G L O R R I I E N N M T T V E A<br>N U H A M S G T H I R<br><br>N A S E A N U H A M<br>S G T H I R R L N E C T I A A O D</td>
<td>Mga Kasagutan:<br>1.KARAPAATANG PANTAO<br>2. ASEAN INTERGOVERNMENTAL HUMAN RIGHTS<br>3. ASEAN HUMAN RIGHTS DECLARATION</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Ikalawang Araw<br>Kaugnay na Paksa 1: Pagtatatag ng ASEAN Intergovernmental Commission on Human Rights at ASEAN Human Human Rights Declaration<br><br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Noong Disyembre 10, 1948, ang Pangkalahatang Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa ay nagsagawa at nagpahayag ng Pandaigdig na Pahayag ng</td>
<td>Ikalawang Araw</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | mga Karapatan ng Tao. Ang buong nilalaman noon ay mababasa sa mga susunod na pahina.<br>Kasunod ng makasaysayang gawaing ito, ang Kapulungan ay nanawagan sa lahat ng mga kagawad ng bansa upang ilathala ang nilalaman ng Pahayag at "upang ito'y palaganapin, itanghal, basahin, at talakayin lalung-lalo na sa mga paaralan at iba pang institusyong edukasyonal, nang walang pagtatangi batay sa kalagayang pulitikal ng mga bansa o mga teritoryo." Pangwakas na Textong May Pahintulot na salin sa Pilipino ng Katipunan ng Bagong Pilipina. Ipinaabot ng Punong Pangkaalaman ng mga Bansang Nagkakaisa para sa Pilipinas ang taus-pusong pasasalamat sa Law Center ng Pamantasan ng Pilipinas na unang naglimbag ng pahayag na ito na salin sa Pilipino. Ipinalimbag ng Punong Pangkaalaman ng mga Bansang Nagkakaisa para sa Pilipinas at ng Kagawaran ng Kabatirang Pangmadla ng mga Bansang Nagkakaisa.<br>Ang Association of South East Asian Nations (ASEAN) ay itinatag noong 1967. Ang charter nito ay niratippikahan, na tinatanggap ng lahat ng mga miyembro ng ASEAN noong 2008, ay naitayo para sa pag-unlad ng institusyon sa karapatang-tao sa rehiyon. Ang ASEAN Charter ay kinikilala ang mga karapatan ng tao bilang isa sa mga halaga, prinsipyo at layunin nito, pati na rin ang demokrasya, kahatulan ng batas at mabuting pamumuno. Bukod dito, ang artikulo 14 ng pahayag ay nagpapahiwatig ng ASEAN na institusyonalisahin ang mga karapatan ng tao sa pamamagitan ng isang regional na mekanismo ng karapatang-tao: ang ASEAN Intergovernmental Commission on Human Rights (AICHR), na nilikha noong Oktubre 2009. Ang pag-unlad na ito ay sinundan sa Abril 2010 sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng ASEAN Komisyon para sa Pagpapalaganap at Pagprotektahan ng mga Karapatan ng Mga Babae at Mga Anak (ACWC). Ang mga hakbang na ito ay nagpapakita ng pangako ng mga lider ng ASEAN sa pagkilala ng mga karapatan ng tao bilang isang ASEAN para sa isang mahigpit na kasapi sa rehiyon.<br>Ang ikalimang taon ng AICHR sa Oktubre 2014 ay isang mahusay na pagkakataon upang suriin kung paano ang rehiyonal na mekanismo sa karapatang-tao ay nakikipag-ugnayan sa panloob at panlabas na mga hamon sa pagpapatupad ng human rights' promotion at proteksiyon. Ang assessment na ito ay timely, dahil ang mga Terms of Reference (ToR) ng AICHR ay kasalukuyang sa pagsusuri. Ang Indonesia ay humantong sa proseso ng pagsusuri na ito, kasama ang Singapore at Thailand. Ang pagsusuri ay magkakaroon ng mahalagang impluwensiya para sa pag-unlad ng human rights architecture ng rehiyon; | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Myanmar, kasalukuyang hawak  ang ASEAN chairmanship at may isang malaking responsibilidad.<br><br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
TANONG-TUGON, PAMPARUNONG (#Pamprosesong Katanungan)<br>
Ang sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>
1. Ano ang Karapatang Pantao?<br>
2. Bakit mahalagang malaman ng mga tao ang kanilang Karapatan?<br>
3. Paano mapapabuti ang ugnayan ng mga kasaping bansa sa ASEAN sa pagkakatatag ng AICHR AT AHRD?<br><br>
3. Paglalapat at Pag-uugnay<br>
Gawain 1: Awit Suri<br>
Walang sinuman ang nabubuhay<br>
Para sa sarili lamang<br>
Walang sinuman ang namamatay<br>
Para sa sarili lamang<br><br>
Koro:<br>
Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't-isa<br>
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya<br><br>
Pamprosesong Tanong:<br>
1. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng awitin patungkol sa mga mamamayan ng isang bansa?<br><br>
Ikatlong Araw<br>
Kaugnay na Paksa 2: Karapatang Pantao sa AICHR at AHRH<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
CONCEPT MAPPING<br>
Panuto: Ilalagay ng mga mag aaral ang mga halimbawa ng karapatang Pantao.
</td>
<td>
Ang mga pamproseng katanungan ay maaring dagdagan batay sa lalim ng talakayan. Ang gawin ay maaring dalawahan o triad.<br>
Ikatlong araw<br><br>
Tangagapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral. Ang gawain ay maaring isahan, dalawahan o grupo.
</td>
</tr>
</table>




2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   **TANONG-TUGON, PAMPARUNONG (#Pamprosesong Katanungan):** Ang sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

   1. Ano ang Karapatang Pantao?
   2. Bakit mahalagang malaman ng mga tao ang kanilang Karapatan?
   3. Paano mapapabuti ang ugnayan ng mga kasaping bansa sa ASEAN sa pagkakatatag ng AICHR AT AHRD?

**GROUPINGS**

**Gawain 2: Pagpapakita ng mga Karapatang pantao at ang kahalagahan nito bilang isang mamamayan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya.**


**Pangkat 1 :** Tableau

Ipakikita ang isa sa mga karapatang Pantao na kabilang sa AICHR at ADGR

**Pangkat 2 :** Infoadvocacy

Ang mga mag – aaral sa grupo ay ipakikita ang kahalagahan ng karapatang Pantao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

**Pangkat 3 :** Info Poster

| | | |
|---|---|---|
| | Guguhit ang mga mag -aaral ng larawan na nagpapakita ng Repleksyon nila sa paksa ng Karapatang Pantao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>Panuto: Gumawa ng tatlong minutong issue awareness campaign video tungkol sa mga human rights violation na nagaganap sa bansa ( hal. extra judicial killing, violence against women and children, gender discrimination) at ia-upload ito sa link na ibibigay ng guro (maaring gumawa ng google drive para dito).<br><br>**Mga Pamprosesong Tanong:**<br>1. Bakit ito ang napili ninyong gawan ng campaign video?<br>2. Paano makatutulong ang ASEAN sa paglutas ng mga paglabag sa karapatang pantao sa rehiyon at sa pagtataguyod ng karapatang pantao?<br>3. Ano'ng mga proyekto o patakaran ang maaring maisagawa o maipatupad? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Theme Post**<br>Panuto: Magpapagawa ang Guro ng Tema para sa naging aralin ngayong araw na ito at ilalagay ito sa kanyang reflection journal o notebook.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Igalang at Itaguyod, Karapatan ng Lahat**<br>Paano mo maipakikita ang paggalang at pagtataguyod sa mga karapatang pantao bilang Pilipino at Asyano?<br> | Ito ay maaring gawin pag natapos ng natalakay ang mga mahahalagang paksa sa Ikatlong araw.<br><br>Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**A.** Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Ano ang itinatag ng ASEAN upang maitaguyod ang kooperasyon at pagkakaisa sa pangangalaga sa karapatang pantao sa mga bansang kasapi ng ASEAN?<br>a. ASEAN Intergovermental Commission on Human Rights<br>b. ASEAN Human Rights Declaration<br>c. Declaration on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women<br>d. ASEAN Vision 2020<br><br>2. Ito ay payak na mga Karapatan kung saaan ang lahat ng tao ay nararapat na magtamo o matanggap.<br>a. Karapatng Sibil<br>b. Karapatang Pantao<br>c. Karapatamg Konstitusyunal<br>d. Karapatang Sibiko<br><br>3. Kailan naitatag ang AICHR<br>a. Oct. 23, 2009<br>b. Nov. 23, 2009<br>c. Dec. 23, 2009<br>d. Enero 23, 2009<br><br>4. Bakit mahalagang pagtuunan ng pansin ng ASEAN ang pagtataguyod ng karapatang pantao sa mga bansang kasapi ng ASEAN?<br>a. Sapagkat mahalaga ito para sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa rehiyon.<br>b. Sapagkat mahalaga ito para sa pagtataguyod ng kapayapaan sa rehiyon.<br>c. Sapagkat mahihimok nito ang mga bansang kasapi na itaguyod at pangalagaan ang karapatang pantao ng kanilang mamamayan.<br>d. Sapagkat magdudulot ito ng sama-samang pag-unlad sa rehiyon. | Huling araw ng linggo<br><br>**Gawing batayan ang mga kasagutan sa pagwawasto:**<br>1. a<br>2. b<br>3. a<br>4. b<br>5. a |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

5. Alin sa mga sumusunod na karapatang pantao ang higit na dapat protektahan at itaguyod para sa mga kabataan?
    a. Karapatan sa Edukasyon
    b. Karapatan sa Paglilingkod
    c. Karapatan sa Pagboto
    d. Karapatan sa Pagbili

**B.** Sagutin sa 3 pangungusap ang tanong. Ano’ng karapatang pantao ang karaniwang nalalabag sa mga kabataang tulad mo? Anong polisya o programa ang maimumungkahi mo sa pamhalaan o sa mga paaralan upang masolusyunan ito?

**1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Paano nakakapekto ang mga suliranin sa karapatang pantao sa miyembro ng ASEAN?
2. Magtala ng mga paglabag sa karapatang pantao na nakikita Ninyo sa inyong Komunidad ,Paaralan at sa Pilipinas.

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ *<u>Mag-aaral</u>*<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ *<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>*<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |